Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 137-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAABOT NG TAOUS-PUSONG PAGBATI AT NAGBIBIGAY NG MATAAS NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS, SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, IGG. NOEL G. PINEDA, SA BAGONG ITINALAGANG OBISPO NG DIYOSESIS NG MALOLOS SA KATAUHAN NI LUB. KGG. DENNIS CABANADA VILLAROJO, D.D.

AKDA NI KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KAMAY-AKDA SINA KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY AT KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

SAPAGKAT, noong ika-14 ng Mayo, 2019 ay itinalaga ng Santo Papa Francisco si Cebu Auxiliary Bishop Dennis Cabanada Villarojo bilang bago at ika-limang (5) Obispo ng Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, sa ika-21 ng Agosto, 2019 ay gaganapin naman ang pagtatalaga sa bagong Obispo ng Lungsod, Lub. Kgg. Dennis Cabanada Villarojo D.D. sa Makasaysayang Katedral ng Malolos - Basilika-Minore ng Inmaculada Concepcion;

SAPAGKAT, si Lub. Kgg. Dennis Cabanada Villarojo, D.D. ay subok ang paglilingkod sa simbahan at patunay dito ang kaniyang mga naging karanasan;

SAPAGKAT, noong taong 2015 ay itinalaga siya ng Vatican bilang General Secretary ng ika-51 International Eucharistic Congress;

Dagdag pa rito, hinirang din siyang Katuwang na Obispo ng Cebu at Obispo Titular ng Gisipa noong ika-3 ng Hulyo, 2016 at inordenahang Obispo noong ika-10 ng Agosto, 2016.

SAPAGKAT, isang biyaya ang pagdating ng bagong Obispo sa Lungsod na siya ring magiging mabuting taga-pastol ng mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos, kasama ang mabunying Sangguniang Panlungsod ay kapit-bisig sa pagsuporta at paghangad ng lubos na ikabubuti ni Lub. Kgg. Dennis Cabanada Villarojo D.D. sa kaniyang bagong katungkulan, lalo't higit sa paghubog sa espirituwal na pag-unlad ng mga mamamayan ng Lungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI · KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI · KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI · KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI · KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI · KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI · KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI · KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI · KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI · KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI · KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Kung kaya't sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Patrick S. dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagpapaabot ng taos-pusong pagbati at nagbibigay ng mataas na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos, sa pangunguna ng Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Igg. Noel G. Pineda, sa bagong itinalagang Obispo ng Diyosesis ng Malolos sa katauhan ni Lub. Kgg. Dennis Cabanada Villarojo, D.D.

IPINASIYA PA RIN, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito si Lub. Kgg. Dennis Cabanada Villaroho D.D. at iba pang kinauukulang Tanggapan para sa kanilang kaalaman.

PINAGTIBAY.

****KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*082319